


Para sa mga nais magtrabaho ng part-time, alamin ang tungkol sa [permiso para sa iba pang aktibidades maliban sa nakasaad sa status ng visa].



Marami ang nag-iisip na maghanap ng trabaho kapag may libreng oras. Subalit, hindi lahat ng dayuhang naninirahan sa Japan ay pinapayagan. Depende sa sakop ng iyong visa, naririto ang ilang mga alituntunin.

Ang mga aktibidades ng mga dayuhang naninirahan sa Japan ay base sa estado ng kanilang visa sa pagpasok sa bansa. Kung nais magtrabaho para may kita, kailangang mag apply para sa “permiso para sa iba pang aktibidades maliban sa nakasaad sa status ng visa”. Pag kayo ay nabigyan ng permiso, maaari kayong makapag-trabaho, lamang ay hindi sagabal o lalagpas sa sakop ng original na estado ng visa na iginawad.

★Kung nabigyan ng permiso para sa iba pang aktibidades maliban sa nakasaad sa status ng visa at magtatrabaho

(1) Study visa + permiso ng aktibidad maliban sa binigay na batayan: Maaring magtrabaho hanggang 28 oras kada Linggo. Sa mahabang bakasyon, 8 oras kada araw ay pinapayagan. Kung may kinalaman sa pananaliksik o may kontrata sa pinapasukang eskuwelahan, hindi na kailangan ang permiso. Hindi pinapayagan ang pagta-trabaho sa mga may kinalaman sa sex industry o iba pang kagayang negosyo.

(2) Family stay visa (dependent) + permiso ng aktibidad sa labas ng binigay na batayan: hanggang 28 oras kada Linggo. Hindi pinapayagan ang pagta-trabaho sa mga may kinalaman sa sex industry o iba pang kagayang negosyo.

*Gayundin, ang ibang may working visa at may permiso para sa aktibidad maliban sa binigay na batayan ay nagtatrabaho bilang language teachers.

★Paano makakuha ng permiso sa aktibidades maliban sa nakasaad sa visa status?

(1) Pumunta sa Immigration Bureau dala ang residence card at application form para sa permit sa gawain na labas sa pinayagang aktibidad, at kung makakakuha, kopya ng kontrata sa pinag aplyahang kompanya kung saan nakasaad ang detalya ukol sa trabaho. Ang aplikasyon ay libre at walang bayad.

(2) Ang resulta sa pag apply sa permit ay maaaring matanggap sa loob ng 2 linggo ~ 2 buwan. Ang selyo ng permiso na matatanggap ay ilalagay sa pasaporte o maaari ding kasulatan ng permiso ang matatanggap. Ito ilalagda sa iyong residence card.

★Kapag ang isang kumpanya ay nag empleyo ng isang dayuhan

Kapag ang isang kumpanya ay nag empleyo ng isang dayuhan kailangang siguraduhing siya ay may permiso magtrabaho at kung hanggang ilang oras kada linggo maaari syang magtrabaho. Subalit may mga kaso na ang dayuhang empledo ay pumapasok ng higit 28 oras kada lingo, na labis sa nakasaad sa kanilang permiso.

Ang permiso para sa iba pang gawain maliban sa visa status ay naangkop lamang para sa mga part-time jobs na karagdagan sa karaniwang permit na residence status.

Halimbawa, sa kaso ng sinuman na may working visa o study visa, ang family stay visa ay ibibigay sa kanyang asawa at mga anak base sa paniniwalang ang mag-anak ay kayang mamuhay at manirahan sa kita ng miyembro ng pamilya na may working visa, o kaya para sa may student visa, sa paniniwalang siya ay kayang magbayad ng mga gastusin ng kanyang pamilya maliban sa gastusin sa eskuwela. Labag sa batas ang magtrabaho ng labis o higit pa sa nakasaad na ibinigay na permiso.

★Kung kayo ay lumagpas sa pinayagang gawain sa nakasaad sa permit na binigay.

Kapag napag-alaman ng tanggapan ng imigrasyon ang inyong gawain, ito ay maaaring maging sanhi ng problema sa paghingi ng ekstensiyon ng visa. Gayundin ang pagtatrabaho sa sex industry at kagayang negosyo ay hindi pinapayagan at maaaring maging sanhi ng pagtanggag ng estado ng paninirahan.

Aplikasyon ay nagsimula na para sa publiko at pribadong child day care centers at pampublikong after school clubs para sa mga bata

Sisimulan sa Nobyembre ang pagtanggap ng aplikasyon para sa taong 2014 ng mga nagnanais ipasok ang kanilang anak sa publiko at pribadong child day-care centers o pampublikong after school clubs para sa mga bata. Dahil sa magkakaibang petsa ng pagtanggap kada bayan, mabuting alamin ang eskedyul para sa inyong munisipyo.

(Hal.) Aplikasyon para sa day-care center sa Fujimi-shi

*Mizutani community center: Nov. 14, mula 13:30 ~ 16:00,

*Fujimino culture exchange center: Nov. 15, mula 13:30 ~ 16:00

*Fujimi city office: Nov. 16, mula 9:00 ~ 15:00

Aplikasyon para sa after school clubs para sa mga bata.

*Mizutani community center: Nov. 7, mula 13:30 ~ 16:30,

*Fujimino culture exchange center: Nov. 8, mula 13:30 ~ 16:30

*Fujimi city office: Nov. 9, mula 9:00 ~ 12:00



Espesyal na checkup ng national health insurance magtatapos sa Nob. 30 (Sabado)

Marami ang nagsasabing nag-iingat sila sa kanilang kalusugan kaya't hindi kailangan ang pag-alala. Hindi ninyo masasabi kung kailan kayo magkakasakit, kaya't mas mabuti ang regular na checkup para mapanatag ang iyong pamilya. Ang espesyal health checkup ay para sa mga 40 taong gulang o higit pa, na may national health insurance at ito ay magtatapos na sa Nov. 30. Ito ay nirerekomenda dahil sa napakamurang babayaran. Magkunsulta sa malapit na ospital o public health center (Tel: 049-252-3771). Dalhin ang insurance card, medical consultation card (pinadala noong katapusan ng Mayo), at 1000 yen. Kasama sa checkup ang pag-eksamin ng dugo at iba pang mga eksamen.

Makisaya tayo sa International Exchange Forum na ginaganap kada taon

■ Sa Nov. 10 (Linggo) mula 12:00 ~ 16:00
Sa Fujimino Culture Exchange Center

Ang International Exchange Forum ay gaganapin sa Fujimino Culture Exchange Center, 10 minutong lakad mula East exit ng Fujimino Station. Ito ay ginaganap taon-taon para sa magandang samahan ng mga Hapon at dayuhang residente. Ilan sa mga atraksyon ay ang iba't ibang tradisyonal na kasuutan; pagsusuot nito at pagpakuha ng litrato, at ang pagsasalita ng mga dayuhang residente tungkol sa kanilang karanasan dito sa Japan. Kasali ang ilang mag-aaral ng Nihongo sa FICEC. Liban dito mayroon din ng paggagawa ng sariling design ng seal o inkan at mapapanood din ang mga taga- Tokyo University of Foreign Studies sa kanilang pagsasayaw ng tradisyonal na sayaw ng Serbia at Pilipinas. Bukod pa sa mga tradisyonal na sweets na matitikman, siguradong magiging kaaya-aya ang inyong araw sa papalamig na panahon ng taglagas.

